# 1

Gaya ng dati, masayang sinalubong ni Corazon ang pamangking kauuwi lang mula sa pag-aaral sa Maynila.

"Titatito," masaya nitong bati, gamit ang kinagawiang tawag nito sa kanya. "'Musta na ang ever-loving kong blood relation!" Pabagsak nitong ibinaba ang dalang mga bag at sinugod siya ng yakap sabay halik sa pisngi.

"Hmm, na-miss kita, ah!"

"Naku, Mayette, tigilan mo nga ang katatawag sa 'kin ng 'titatito', naaalibadbaran ako, eh. Para bang lagi mong ipinamumukha na may diperensya sa pagkatao ko." Dinampot niya ang bag ng pamangkin. "Bakit ngayon ka lang? Di ba, ilang araw nang tapos ang klase mo?"

"Medyo nag-bonding-bonding muna kami ng mga dormmates ko," sagot ni Mayette na sumunod sa kanya. "Titatito, bakit mukha yatang me nabago dito? Pinagawa mo ba itong lobby?" tanong nito habang iniikot ng tingin ang lobby ng *Encabo Inn* at itinuro ng daliri ang bagong yaring ceiling.

Naupo sila sa bakanteng Victorian lounge sofa sa harap ng front desk. "Konti lang naman para lang me bago sa paningin ng mga guests. Matindi ang kompetisyon ngayon at kelangang makipagsabayan tayo sa mga bagong tayong hotel dito."

"Ay, di problema 'yan, Titatito, para ano pang pinag-aral mo ako ng B.S. Hotel, Restaurant and Institution Management kung di ko maiaangat mula sa pagiging two-star ang *Encabo Inn*? With me around, kaya nating pataubin ang lahat ng kalapit na mga hotel d'yan!"

"Kaso, wala tayong kapital, Mayette. Itong konting renovation na ginawa dito sa lobby, halos simutin ang savings natin. Kelangan natin ng dagdag na kapital para masunod ang mga plano nating pagbabago para dito sa inn."

Kumumpas ang mga kamay ng dalaga. "Don't worry, just leave it to me. Sa dami ng mga connections ko, sa mga classmates ko't batchmates, di natin poproblemahin ang pera. Just take me in as the new manager, wala ka nang problema."

"Loka!" Bahagya niyang siniko ito sanhi para umigtad ito. "Parang gusto mo na akong magretiro at palitan, ah!"

"Di naman po sa gan'un. 'Yun eh, kung papayag ka lang naman. Isa pa, graduating na ako, dapat dito ko unang i-apply lahat ng natutuhan ko in school about managing a hotel. Kung di ako mo ako gagawing manager, eh, baka sulutin ako ng ibang hotel d'yan, lalo lang ma-left out sa innovations itong hotel mo!"

"At me balak ka palang pasulot sa ibang hotel, ah." Pinagdilatan niya ito ng mga mata at pinormahan katulad ng kay Asiong Salonga. "Hoy, Mayette, alalahanin mo, mula sa *Encabo Hotel* ang pinagpalaki't pinagpaaral sa 'yo. Kahit ganito ang hotel na 'to, may mga loyal patrons ito. Hindi pa ito nalugi kahit sabihin mong santambak ang magagarang hotel d'yan. Iba ang serbisyo natin at sinuman ang magawi dito ay nagkakar'un ng karanasang di malilimutan, nakalimutan mo na ba ang konsepto ng hotel na 'to?"

"Hmm, ako pa," mahina nitong tugon habang pinatataas-baba ang kilay. "*Experience a piece of heaven here at Encabo Inn…* O, di ba kabisado to the max!"

Naiinis na tumayo siya. "Kabisado mo pa nga, kaya tulungan mo akong lagi 'yang gawing totoo. O, umuwi ka muna ng bahay, magpahinga ka at bumalik dito. May hinihintay tayong guests mula sa Masbate.

Mag-asawang Hapones na magliliwaliw dito buong summer. Tulungan mo si Femmy sa pag-aasikaso sa kanila!"

"Titatito, sabak na ako agad sa trabaho?" tanong nito, kunwaring nagmamaktol.

"Ang s'abi ko, pagkatapos mong magpahinga sandali. Maliwanag?" Noon dumating ang mga guests na kinailangan harapin ni Corazon. "Yes, Ma'am, do you need room accommodations? At *Encabo Hotel*, you'll find the cheapest but the cleanest room in town…" pasakalye nito habang kausap ang tatlong babaeng may bitbit na mga traveling handbags.

Sa kinauupuan naman niya ay nakangiting minamasdan ni Mayette ang tiyahin habang inaasikaso ang mga guests. Kitang-kita niya ang sigla't gilas sa kilos ng babae na mula pagkabata ay siya nang nagpalaki sa kanya. Ito na lang ang natitira niyang kaanak dahil kapwa namatay ang mga magulang niya noong minsang nagkasunog sa *Encabo Inn*. Ang ama niya ay kapatid ng kanyang Tiya Corazon na tinatawag niyang 'Titatito' dahil sa kilos nito at anyo. Hindi ito nagdadamit ng pambabae at laging naka-polo at pantalon. Maiksi at gupit-binata lagi ang buhok. Hindi rin ito nagkaroon ng anumang damdamin sa opposite sex, pero kailanman ay hindi

rin niya nakitang nagkaroon ng relasyon sa isang babae. Kung mayroon man ay sinadya nitong itago at supilin dahil sa pagsunod sa strict morals ng pamilya Encabo. Isa sa mga kilalang pamilya sa kanilang lugar ang kinalakihan niya. Ang lolo niya ay nagsilbing gobernador ng kanilang lalawigan at kung hindi lang namatay ang kanyang ama ay tiyak na ipagpapatuloy nito ang naiwang legacy ng kanyang lolo sa probinsya nila. Dahil naiwang nag-iisa ang 'titatito' niyang si Corazon, ito ang nagpatuloy sa pamamahala ng inn na sagisag rin ng kanilang pamilya.

Nakita niyang pumirma na sa registry ang mga dumating. Tumayo si Mayette at nilapitan ang mga ito. Nakangiti niya itong binati. "Welcome to *Encabo Inn* where you can find the cheapest but cleanest room in town. Experience heaven at *Encabo Inn*!"

Natawa sa kanya ang mga babae. "Really? I've been searching heaven for a long time, dito ko lang pala ito mahahanap?"

Natanawan niya ang pagpasok ng isa sa kanilang male staff. Agad niya itong kinawayan. "Yes, Ma'am. And to start your heavenly experience with us, sasamahan po kayo ni Jules…" Hinaltak niya palapit ang male staff na pormang batang Richard Gutierrez maliban lang sa medyo nasunog ang balat nito sa init

ng araw at may kaliitan. "Siya po ang maghahatid sa inyo sa inyong rooms."

Ngumiti sa mga babae si Jules at inayos ang tindig. Mula ulo hanggang paang hinagod ito ng mga paningin ng tatlong babae. May sumilay na landi sa ngiti ng mga ito.

"This way, Madams…" sabi nito at maingat na kinuha ang mga bags ng mga babae. Pakindat itong lumingon sa kinatatayuan ni Mayette at nag-thumbs up.

Sinuklian niya iyon ng isa ring thumbs up. Binalingan niya ang tiyahing nagsusulat sa registry book.

"Oh, Titatito, I've just started working."

Sumagot ito nang di-tumitingin sa kanya. "Uwi na. Bumalik ka mamaya bago mag-serve ng dinner," utos nito na sinunod naman niya.

Nang makapagpahinga ay bumalik nga siya sa *Encabo Inn* at tumulong sa mga datihan nang mga staff doon. Masaya niyang inabot ang pasalubong sa tatlong babaeng nagsisilbing mga hotel housekeepers at sa mag-asawang cook na sina Aling Dolor at Mang Jaime. Nakipaghuntahan rin siya sa anak ng mag-asawang cook na si Jules, na siyang permanent all-

around staff ng hotel. Nagsisilbi itong porter, driver, tourist guide at kung anu-ano pang gawain na related sa pag-aasikaso sa mga hotel guests.

Tapos na ang pagsisilbi ng dinner sa mga guests nang magkausap silang muli ng tiyahin.

"Gusto ko talagang ipa-renovate ang mga kuwarto at ilang facilities natin, pero hindi ko kakayanin ang gastos. Kaya kahit painu-inot, me pinagagawa ako."

"Okay lang 'yun, Titatito. You're doing fine. Hindi naman nababakante ang *Encabo* sa mga guests, ah!"

"It's not enough, Mayette. It's been years mula nang ipagawa ulit ito pagkataopos masunog masunog. Kung hindi pa ako tinulungan ni Fidelis, siguro di ko na siguro ito naipatayong muli. Baka tuluyang mawala ang *Encabo Inn* na pinundar ng mga magulang ko. Sa pakiramdam ko, bigung-bigo ako, Mayette…"

"Titatito, s'abi ko nga, you're doing fine. Di ka ba naniniwala sa 'kin? Saka huwag kang mag-alala, di pa naman tayo nangungulelat sa karera. We can still make it. At ano'ng malay mo, biglang me dumating na financier at hulugan tayo ng capital? Nothing is impossible!"

"At sino'ng magpapautang sa 'tin? 'Yun ngang

utang ko kay Fidelis di ko man lang nababayaran kahit interes," tukoy nito sa sa pagkakantanda niya ay ang nag-iisa nitong male friend. At kung si Titatito Corazon ay may pusong lalaki, ito naman ay may pusong babae.

"Nabanggit mo na rin si Titotita Fidelis, matagal na kayong di nagkikita, di ba?"

"Oo, simula 'yun n'ung siya ang pinamahala sa negosyo nila ng pamilya niya sa Maynila. Pero open pa rin ang kominikasyon namin. Ang bait ng best friend ko na 'yun, sa tagal ng panahon di man lang ako siningil o kaya'y nagpahiwatig ng paniningil."

"Siyempre naman, Tita, rich 'yun, di ba? Super rich nga, eh."

"Hindi sa gan'un. Alam niya lang siguro ang sitwasyon ko…"

"Eh, kung lumapit ka ulit sa kanya? Suggestion lang naman…" pasintabi niya dahil alam niyang ayaw na ayaw ng tiyahin ng pinangungunahan sa alinman sa mga desisyon nito.

"Nakakahiya na, Mayette. Saka ayoko na rin. Kung lalapit ako sa kanya, gusto ko na may maibalik akong tulong para sa kanya. Ayokong ako na lang lagi ang humihingi ng tulong. Sa kahit na anong paraan,

gusto ko ako naman ang makatulong sa kanya."

"Well, kung 'yan ang gusto mo, di sige. Basta, 'wag kang masyadong ma-depress, kakayanin nating isalba ang *Encabo Inn*. Magtutulungan tayo, promise. Hindi natin ito pababayaan at magkatulong natin itong pabobonggahin at gagawing five-star hotel."

---

Determinado si Bonn na ipasok ang bola sa seventh hole. Tinantya niya ang distansya ng kinalalagyan ng bola para tiyakin na sa pagpalo roon ay papasok iyon sa target niya. Inilapat niya ang mga paa sa malambot na damuhan at pinatatag ang hawak sa club at inihanda ang sarili sa pagpalo. Sa isang iglap ay tumalsik ang golf ball sa ere at sinundan niya iyon ng tingin. All of a sudden, there was a glaring light that blinded his sight.

Naramdaman niyang may kung anong tumama sa lente ng mga mata niya. Sa mabilis ding iglap ay dumilim ang kanyang paningin. Wala siyang makita at nawalan siya ng balanse. Hindi na niya namalayan ang sumunod na pangyayari.

Agad siyang dinaluhan ng kanyang caddy at mabilis na isinakay sa golf cart at agad ding sinugod sa malapit na ospital.

Nagising siyang hindi pa rin ganap na maliwanag ang paningin. Nasa tabi ng hospital bed niya ang kanyang Uncle Fidelis.

"Are you all right? Ano'ng pakiramdam mo, Bonn?" maagap nitong tanong nang magtangka siyang iangat nang bahagya ang katawan mula sa higaan.

"What's wrong with me? I can't see!"

"Calm down, Bonn. It's all right, there's nothing to fear. You'll be okay!"

Pilit na hinanap ng paningin niya ang tiyuhin ang subalit tanging nakita niya ay ang dark silhouette nito. "Bakit wala kong makita? Why can't I see you? Ano'ng nangyari sa akin? What's happening to my eyes?" Kinuskos niya ng kamay ang mga mata na agad ding pinigilan ng tiyuhin.

"Don't scratch your eyes, Bonn… baka lumala ang kondisyon mo!"

Noon niya natiyak na may mali nga sa kanya. "Why? Ano'ng nangyari sa mata ko? Ano'ng nangyari?" Napasigaw na siya sanhi para lapitan siya ng isang lalaki na narinig niyang tinawag na 'Doc' ng kanyang uncle.

Hinagilap ito ng mga kamay niya. “Are you the doctor? Tell me, bakit wala akong makita? Bakit madilim lahat ang nakikita ko? Tell me what happened to my eyes?”

Pinakalma siya ni Uncle Fidelis. “Darling, the doctor is here, he’ll tell you what happened. Calm down, Darling… calm down!”

Nanlalambot na bumitiw siya mula sa hawak ng doktor. “Nabulag na ba ako? Sabihin n’yo, ano’ng nangyari sa ’kin!”

Sinenyasan ng doktor ang isang nurse at inabot nito ang isang naihanda nang injection. “Bonn, I need you to calm down so you’ll understand properly what happened to your eyes…” Bago pa siya nakasagot ay naiturok na sa kanya ang sedative. “Take deep breaths; it’ll calm you down.”

Sinunod niya iyon bagaman saklot pa rin siya ng takot at pangamba sa kung ano talaga ang nangyari sa kanyang paningin. Pero bago siya nakapagtanong ulit ay nakatulog na siya.

---

Mas kalmadong Bonn na ang dinatnan ng kanyang tiyuhin nang bisitahin siya nito muli nang sumunod na araw. Naringgan niyang may ibinaba ito

sa mesa sa gilid niya, kasunod niyon ang masuyong halik sa kanyang noo ang naramdaman niya.

"Bonn, Darling…"

"Ginawa mo ba ang bilin ko, Uncle?" tahimik niyang tanong.

Huminga muna ito nang malalim na hininga. "Yes, I did. I told them, your well-wishers, that you're all right. Na there's nothing to worry about your health. Na sa totoo lang, what you need is some break from work."

Hindi siya sumagot at tuloy lang sa pagpaikot sa cube ball sa kamay. Ngunit nang maalala ang kalagayan ay ibinato niya iyon sa pader. Napapikit si Uncle Fidelis at pinigil ang pagtulo ng luha mula sa mga mata.

"Ayaw kong malaman nila ang kondisyon ko. Damn it!"

Isang klase ng genetic eye disease ang hinala ng mga doctor na tumama sa kanya. Iyong biglaang kawalan niya ng paningin, bago bumalik sa partial vision ay sintomas niyon, at sa ngayon, hindi pa tiyak kung tuluyan na ba siyang mabubulag, ngunit naroon ang posibilidad na ganoon nga ang mangyayari. Kailangan niyang dumaan sa mga laboratory tests

para makita kung gaano kalaki ang damage sa retina niya.

“Yes, of course, Darling. Until the doctors confirm what’s wrong, I won’t let anybody see you in this condition.”

Tumaas ang kamay ni Bonn para hagilapin ang kamay ng tiyuhin.

“Here…” Mabilis nitong kinulong sa mga palad ang kamay niya. “I am here…”

“Uncle, I am so afraid… natatakot ako.”

Gustong tumulo ng luha ni Uncle Fidelis dahil noon lang niya nakitang natakot ang pamangkin. Bonn was a man of strong will. Napakalaki ng kompiyansya nito sa sarili at hindi basta matitinag ng anumang pagsubok. Pero ngayon, nakita niya kung paano ito natakot sa maaaring kahantungan ng kapalaran nito.

“You don’t have to. Hahanap tayo ng specialist para sa kondisyon mo. If you want, you can take a break from work. Luluwas na lang tayo kapag schedule ng check-up mo. I know a place where you can relax. The owner is a good friend of mine. Makakapagpahinga ka nang mabuti doon.”

"Kahit saan, Uncle, just don't let anybody I know see me in this condition. Ayokong kaawaan nila ako, I don't need their pity," pakiusap niya.

"Of course, Darling. You won't need any pity dahil di ka mabubulag, I will do everything para masalba ang paningin mo. Just be a good boy and trust me."

Pinisil ng nakakatandang lalaki ang kamay ng pamangkin. "My old friend Cora will take care of you habang naghahanap ako ng makakatulong na maibalik sa normal ang paningin mo."

"Please do, Uncle, before I go mad. I can't live without my eyes. I don't want to be blind for life."

# 2

Tapos na silang kumain ng hapunan at lahat ng guests ay nasa kani-kanila nang silid nang kausapin si Mayette ng tiyahin.

"Sa palagay mo ba, Mayette, di tayo mapapahiya sa pamangkin ni Fidelis?"

"At bakit naman po tayo mapapahiya? Kung sa ganda lang ng hotel at sa tanawin dito sa atin, tiyak na masisiyahan si Sir Bonn."

"Sanay sa five-star hotels ang pamangkin ni Fidelis. Sa pagkakaalam ko, halos nalibot na n'un ang buong mundo at alam niya kung ano ang magandang hotel service. Baka maghanap siya nang wala sa 'tin."

"Titatito, ayaw niya ba n'un, for a change, matitikman niya kung ano ang authentic rural hotel service at kung paano ang Pinoy hospitality? Teka, Titatito, ano ba iyong sinasabi mong kondisyon ni Sir Bonn, at dapat ay normal lang natin siyang tratuhin? Ano'ng mayr'un sa kanya?"

Nagbuntong-hininga si Corazon bago sumagot. "May posibilidad na mabulag siya, Mayette."

"Oh. Bakit?"

"Sa kuwento ni Fidelis, isa raw genetic eye disease 'yung tumama kay Bonn. Di pa alam kung ano eksakto ang sakit pero may kinalaman daw sa lente ng mata nito. Malaking dagok ito sa kanya. Kilalang tao si Bonn. Sanay na nakukuha at nagagawa ang anumang gustuhin. Kapag nabulag siya, tiyak na maraming bagay ang magbabago sa buhay niya."

"Nakita mo na ba siya, Titatito?" pahikab na tanong ni Mayette. Inaantok na siya, pero dahil nasa mood makipagkuwentuhan ang tiyahin ay kailangan niyang pigilan iyon.

"Oo, pero matagal na 'yun, me dalawang taon na yata. Minsan kasi akong naluwas sa Maynila dahil sa imbitasyon ni Fidelis. Iyon 'yung binigyan ng parangal si Bonn bilang isa sa *Ten Outstanding Young Men* ng Pilipinas. Ang saya-saya ni Fidelis n'ung gabing 'yun."

"Bigatin pala si Sir Bonn…"

"Oo naman. At di lang 'yun, isa siyang sikat na model at puro sa sikat na fashion designers ang mino-model niya. At puro by invitation 'yun, ha?"

Tinakpan ni Mayette ng palad ang panay hikab na bibig. "Talaga po? Eh, di super guwapo siya?"

"Oo naman, super guwapo talaga siya! Isang paligo lang ang lamang ni Brad Pitt."

Sa sinabi ng tiyahin, medyo nawala ang antok ni Mayette. "Gaano kaguwapo, Titatito?"

May ngiti sa mga labi ni Corazon nang sagutin ang tanong niya. "Gaano kaguwapo? Enough to make me wish I'm young again at hindi ganito pumorma."

Tuluyang nawala ang antok ni Mayette sa narinig. "Ibig mong sabihin, Titatito, na-crush-an mo siya?"

"Nakakahiya, pero oo. Kaya ikaw, magtino ka ng kilos, ha? Baka kung anu-anong kagagahan ang gawin mo. Ikaw pa naman ang babaeng kapag nagka-crush, di mo pinatatawad 'yung lalaki't binubuwisit mo. 'Wag mong gagawin 'yan kay Bonn."

"Ngiks, super guwapo nga siya at alam mong mata-type-an ko. Saka, Titatito, pagbabawal ba 'yan dahil nagseselos ka?"

"Hindi, parang anak ko na 'yun, ano! Ikaw ang inaalala ko na baka dahil sa init ng ulo niya, masaktan niya ang damdamin mo."

"Kung isang guwapo ang mananakit ng damdamin ko, okay lang 'yun, Titatito. In the first place, hindi mangyayari 'yun, dahil alam mo naman ako, very

lovable and adorable and I always follow instructions. Ang siste nga, dahil malabo ang paningin ni Sir Bonn, di niya makita nang lubos ang beauty ko. Sayang at kawawa naman siya!"

"'Yan ang di mo dapat gawin sa kanya, 'yang kaawaan siya dahil 'yun ang mahigpit na bilin ni Fidelis—huwag ipakita kay Bonn na kinaawaan ang pamangkin niya. Ngayon ang gusto kong marinig ay kung didito ka buong summer at di ka pa mag-e-enrol. Kailangan ko ng tulong mo kapag dumating na si Bonn dito sa atin."

Ihinilig ni Mayette ang ulo sa balikat ng tiyahin. "Titatito, ngayon pang sinabi mong super guwapo ang darating na special guest ng *Encabo Inn*? Buong summer na di ako aalis dito. And who knows, this summer could be the best summer of my life."

Napatayo ang tiyahin. "Matulog ka na nga, puro ka kalokohan!"

"Uy, si Titatito, jelling-jelling… babae na siya!"

"Tse! Matutulog na 'ko." Tinalikuran siya nito at iniwan.

Humabol siya. "Titatito, ako rin! Nakalimutan mo, tabi tayong natutulog."

Naghihintay na ang sasakyan niyang SUV nang lumabas si Bonn sa silid niya kasama si Uncle Fidelis. Naka-white designer jeans siya, red polo shirt at lacquer finish walking cane. May suot siyang sunglasses bilang proteksyon sa mata.

Sa nagdaang araw, dala ng iniinom niyang mga gamot, ang dark shade na nagbla-block ng vision niya ay medyo di na ganoon kalawak ang sakop sa kanyang vision frame. Kahit paano ay nakita at nadama niya ang tranquility na bumabalot sa lugar.

Hawak ni Uncle Fidelis ang kamay niya.

"So, you're gonna stay there for a couple of days, right Uncle?" tanong niya sa tiyuhin.

"Yes, kapag settled ka na d'un, saka ako babalik dito."

Tinangunan niya ang tugon nito. Natigilan siya nang pasakay na sila sa sasakyan. Dati-rati, siya ang naghahatid sa tiyuhin sa pagsakay para alalayan, ngayon, baligtad na. Siya na ang dapat nitong alalayan. Pero tinanggihan niya iyon.

"It's all right, Tito, I can manage." Sa nanlalabong tingin, mag-isa siyang sumampa sa passenger seat

at ang driver ang umalalay kay Uncle Fidelis sa pag-akyat ng sasakyan.

Namataan niyang inayos ni Uncle Fidelis ang suot na wide brim hat na terno sa long-sleeved shirt. Inayos nito ang pagkakapatong ng leather tote bag sa kandungan bago sinabihan ang driver na paandarin na ang kotse.

Habang daan, tahimik si Bonn at alam niyang hindi iyon nagugustuhan ng tiyuhin. Ang laman ng isip niya ay kung ano ang daratnan at kung sinu-sino ang mga taong mag-aasikaso sa kanya roon.

Nasabi sa kanya ni Uncle Fidelis na nasabihan na nito ang mga tauhan sa *Encabo Inn* tungkol sa kondisyon niya at pinagbilinan na huwag na huwag siyang ituturing na isang taong may kapansanan. Sana ay nakuha at naintindihan ng mga ito ang gusto niyang mangyari. He wanted to be left on his own. Na habang nasa lugar na iyon ay matutuhan niya kung paano gumalaw nang normal. There was uncertainty in his recovery and in order to prepare himself for the worst, he must learn how to live as a blind man.

Napapikit siya nang tumimo sa isip kung anong kondisyon ang maaari niyang kasadlakan sa darating na panahon. Medyo nanginig ang mga tuhod niya, pero hindi niya iyon pinahalata sa mga kasama. Batid

niyang mula noong magkasakit siya, hindi na rin napanatag ang loob nito sa kaiisip kung paano niya matatawiran ang pagsubok na dumating sa kanya.

"Bonn, Darling…" mahinang tawag ng tiyuhin na hinagip ang mga palad niya. "How about getting a tour of the whole province? May tie-ups sa mga tour agencies si Cora at puwede niyang i-sign-up ka sa alinmang local tours na gugustuhin mo."

Umiling siya.

Tinapik-tapik ni Uncle Fidelis ang kamay niya, tanda na naiintindihan nito ang kanyang pagtanggi.

"Sinabi mo ba sa kanila kung ano'ng gusto ko?"

"Yes, I did. Lahat ng gusto mo."

Tumango siya at bumalik sa pananahimik. Mahigit isang oras din bago nila narating ang bayan ng Calatagan na sakop ng probinsya ng Batangas. Doon lang siya nagtanong.

"Malayo pa ba dito 'yung aplaya?" Ayaw niyang tumingin sa labas ng bintana dahil sumasakit ang mga mata niya kapag nagpupumilit siyang aninagin ang nasa paligid niya. Naaninag niya sa kalayuan ang bahagi ng South China Sea.

"Hindi. Ilang metro lang dito, Bonn, at nand'un

na tayo."

Kahit sa aninag lang, nakita niya ang hilera ng mga hotels na nagseserbisyo sa mga turistang dumadayo sa parteng iyon sa Batangas. May malaki, may maliit, may ordinary, at may high-end resorts na makikita rin sa Boracay at iba pang sikat na beach destinations.

"We're here…" narinig niyang sabi ni Uncle Fidelis. Ewan niya, pero tila may kung anong damdaming dumating sa kanya nang huminto ang sasakyan. "Nandito na tayo sa *Encabo Inn*."

---

Narinig ni Mayette ang tawag ni Tita Corazon kaya agad niyang binitiwan ang ginagawang flower arrangement.

"Oops, coming na po!" Sa lobby ay dinatnan niyang nakahilera sa entrance ang staff, kasama ang tita niya. Agad siyang tumabi rito."Dapat bang ganito ang set up? Para naman tayong sasalubong sa isang royalty!"

"Eh, ano ba si Bonn? Di ba't special guest nga siya, kaya ganito dapat!"

Nang pumarada sa harap ng entrance ng hotel

ang isang SUV, hindi napigilan ni Mayette ang sumipat sa sasakyan, pero siniko siya ni Corazon. Paungol siyang nagreklamo.

Unang bumaba si Uncle Fidelis. Sinalubong ito agad ni Corazon. Nagbeso-beso ang mga ito. Pagkatapos, sabay na lumingon sa kasunod na bumaba.

Nakatiyempo si Mayette na muling sumilip. Nagtikom siya ng bibig pagkakita sa bumaba. Matangkad at may lean at model-like body ang lalaking nakita niyang bumaba. Nakasuot ito ng dark sunglasses.

"Bonn, he's Bonn," sabi niyang ginagad ang intonation ng sikat na dialogue sa *James Bond* movies.

"Welcome to *Encabo Inn*, Bonn!" bati ni Corazon at kasabay na itong pumasok sa lobby ng hotel habang ipinakilala ang staff nito. "Sila ang mag-aasikaso sa 'yo. They'll make sure you'll have a comfortable and unforgettable stay here at *Encabo Inn*."

Nang dumako ang mga ito sa harapan ni Mayette, ay todo-ngiti agad siya. "Welcome po, Sir Bonn."

Napatigil saglit sa paghakbang si Bonn, pero hindi tumingin sa gawi niya. Medyo napahiya siya lalo at pinandilatan siya ng mga mata ni Corazon.

Naalala rin niya, may problema nga pala sa paningin ang kanilang guest at wa epek ang pagpapansin niya.

Si Jules na ang naghatid kay Bonn sa silid nito habang si Corazon ang naghatid kay Uncle Fidelis.

Nang bumalik ang tiyahin ay tapos na ni Mayette ang flower arrangement. “Ganda ba? Ilalagay ko sa room ni Uncle Fidelis bilang pag-welcome sa kanya.”

“Maganda. Sige, dalhin mo na ’yan d’un pero dapat kanina pa ’yan nand’un, di ba? Parang late na.”

“Hindi naman todong late, Titatito, slight lang. Dalhin ko na, ah?” paalam niya nang pandilatan na naman siya nito.

Nagmamamdali siyang nagtungo sa room ni Uncle Fidelis. “Welcome to *Encabo Inn*! Beautiful flowers for a beautiful guest!” sabi niya nang pagbuksan siya nito ng pinto.

“Oh, they’re beautiful,” sabi ni Fidelis na punung-puno ng poise. Inilapag nito iyon sa standing bureau at hinaplos ang mga talulot ng mga rosas at daisies. “I love flowers… I really do!”

“Yep, s’abi nga po ni Titatito. Ako po’ng nag-arrange ng flowers, nagustuhan ba ninyo?”

“Oo naman, ang ganda.”

"Magtatagal po ba kayo dito? Buong summer po ba'y sasamahan ninyo si Sir Bonn?"

"No, baka a couple of days lang. Alam mo hindi ka nagbabago, you're still that sassy girl na alaga ni Corazon. Alam mo, I used to help her babysit you n'ung nasa college pa kami. Baby ka pa lang n'un! Now, look…" Hinagod siya nito ng tingin. "You have grown into a lovely young lady. You know what, kamukha mo si Corazon noon!"

Namilog ang mga mata niya. "Really po? Girl po siya n'un?"

Natawa ito pero poised na poised pa rin. "Medyo, pero umiiral talaga ang pagiging maton niya. Ang tingin? Oh my God, talo ang talas ng itak ni Bonifacio!"

Sabay silang nagtawanan.

"So maiiwan po si Sir Bonn dito?" mayamaya ay pagbago niya ng paksa.

"Yeah, kaya Mayette…" Buong lambing nitong kinuha ang kamay niya. "Please take good care of him. Kung magsungit siya, don't mind it. Dala lang 'yun ng pag-wo-worry niya sa sakit niya. But I'm telling you," bumalik ang sigla sa tinig nito, "mabait siya, very gentleman… he knows how to treat women right. Kaya kung minsan, medyo magsungit sa 'yo,

just don't mind it, ha?"

"Hayaan n'yo, Titotita, kami'ng bahala kay Sir Bonn." At kumindat pa siya at nagbigay ng thumbs up. Natawa si Fidelis, malakas at puno ng sigla.

"I love they way you call us—'Titatito' for Corazon and 'Titotita' for me… what an endearment!"

Nagpaalam na siya at bumalik sa front desk. Hindi maalis sa isip niya ang hitsura ni Bonn. Hindi pala ito ganoon katanda kumpara sa age niya. She found his features softer than she thought. Malaki nga ang hawig nito sa binanggit ng tiyahin na *Hollywood* celebrity, kaya lang mas tame ang pagkaprominente ng square jaws ng aktor.

Akala niya, dahil rich and influential, Bonn would automatically have tougher looks. Pero mali siya, wala sa image nito ang pagiging spoiled and demanding. Kunsabagay, naisip niya, hindi ito nalalayo ng hitsura kay Uncle Fidelis na kung di lang sa katawang lalaki, mas feminine pa kaysa sa tiyahin niya.

Sayang lang hindi niya nakita ang mga mata ni Bonn. Naisip niya, anong kulay kaya ang mga iyon? Black? Brown? Nanghinayang din siya kung totoong may posibilidad na mawala ang paningin nito, alam niyang isa itong napakahirap na dagok

ng buhay. Ang paningin pa naman ng tao ang siyang pinakaimportanteng bahagi ng katawan. Kung wala ito, para na ring walang dahilan na naririto pa siya sa mundo.

May nadama siyang awa para kay Bonn. Bigla ring naisip niya ang mahigpit na bilin ng tiyahin na huwag na huwag pakitaan ng awa ang binata.

---

Nakaupo lang si Bonn sa sofa na nakaharap sa bintana. Bagaman di ganap na kita ang nasa labas, dama niya ang init ng araw na tumatagos sa manipis na kurtina. Langhap din niya ang simoy ng dagat na nagbibigay sa kanya ng serenity. Tahimik ang lugar, iyon ang natiyak niya ayon sa kanyang pakiramdam. Mula nang magsimulang mawala ang paningin niya, sinimulan na niyang sanaying gamitin ang iba niyang senses gaya ng pang-amoy, pandinig, at pandama. Kanina, napansin niyang nag-react siya sa tinig na bumati sa kanya. He recognized that the voice was from a young girl, not older than twenty. High-pitched iyon, pero masarap sa pandinig. Naisip tuloy niya, ano kaya ang hitsura ng may-ari ng boses? Sinubukan niyang mag-isip ng maaaring imahe ng nagsalita base sa boses nito.

Iyon ang gusto niya, ang gamitin ang natitira

pang pandama para mapunan ang kawalan niya ng paningin.

Kanina lang, nang ihatid siya sa silid na iyon, he started exploring it and by touching every part of it with eyes closed, he was able to make a clear picture of the room in his mind. Nakapikit na naglakad siya sa loob ng kuwarto na hindi gumagamit ng tungkod. Kinakabisa niya ang puwesto ng mga furniture para mas lalo niyang mailarawan sa isip ang kabuuan ng room niya.

May narinig siyang katok sa pinto. "Sino 'yan? I did not ask for anything!"

"It's me…" anang tinig ng kanyang Uncle Fidelis.

Maingat siyang tumayo at hindi ginamit ang cane niya o ang mga mata, tinahak niya ang pinto na pinanggalingan ng tunog. May nabangga siyang ilang bagay, pero narating niya ang pinto nang walang tulong at sa normal na gawi niya.

Pinagbuksan niya ang tiyuhin.

"Did I disturb you?"

Dumilat siya para ngitian ito. Gayunman, hindi niya rin ito makita nang malinaw. "No, come in…"

Napansin nito na wala siyang hawak. "Why aren't

you using your cane?"

Pumikit siya muli at bumalik sa pinanggalingan para ipakita na kaya niyang maglakad nang walang tulong mula sa walking cane.

"Oh, Bonn!" narinig niyang bulalas ng tiyuhin.

Hinarap niya ang direksyon nito nang nakatawa. "I am beginning to get used to it, Uncle… slowly."

Hanggang sa dumating ang tanghalian, saka lang sila lumabas ng silid. Sa dining area, magkasabay silang kumain. Nang matapos ay saka lang dumalo si Corazon para makipagkuwentuhan.

"I could see that your hotel is doing well. Fully booked ang rooms n'yo, ah."

"Oo nga, salamat sa idea ni Mayette. Siya ang nagsabi na makipag-tie-up ako sa mga travel tours dito at ilang nasa Manila. Sinuwerte naman na may pumayag, medyo mababa ang rates kumpara sa dati, pero okay na 'yun. At least, we're surviving."

"With few renovations, I think your hotel will become a bit competitive, mas dadayuhin kayo."

"Yeah, iyon nga ang gusto ko…"

Nakikinig lang si Bonn sa palitan ng usapan

ng magkaibigan. Pinag-aaralan niya ang kabuuan ng dining area kung saan sila dumaan, kung gaano iyon kalayo sa lobby base sa mga naaninag niya. Kinalkula niya ang bilang ng mga hakbang mula kanina hanggang doon sa kinaroroonan habang nag-uusap ang dalawa.

“Well, baka mas gusto ni Bonn makita ang lobby…” suhestyon ni Corazon na agad niyang tinanggap.

“Yes, please…” Gusto niyang makita ang maraming bagay habang hindi pa siya tuluyang nabubulag. Nauna siyang tumayo at humakbang sa direksyon ng lobby. Alam niyang nakaantabay lang sa likuran niya ang magkaibigan.

“Nice lounge… parang kilala ko ito. Cora, is this…?” masayang baling ni Uncle Fidelis nang maupo sila sa Victorian sofa.

“Oo, ’yan ’yung nasa office ni Papa. S’abi ko magandang atraksyon dahil antigo na.”

Bumaling sa kanya si Uncle Fidelis. “Ang haba ng pila ng mga well-known personalities na nakaupo rito; iyong mga bumisita sa aming dear and beloved town. They used to sit here while talking about politics.”

"Really?" aniya.

"And Cora and I used to skip classes just to see them…" Tumawa si Uncle Fidelis. "Na-starstruck kami nang makita namin 'yung president ng Pilipinas that time, pati vice president and a few senators na nakaupo rito."

Nag-enjoy ang dalawa sa pag-alala sa kabataan nila habang matamang pinakikiramdaman ni Bonn ang kapaligiran niya. Sa di-kalayuan ay may narinig siyang tinig. He immediately recognized the sweet high-pitched voice. May kausap itong iba pang mga babae.

Inaninag niya ang kabuuan nito, pero naroon na naman ang dark block na humaharang sa paningin niya. Nagpumilit siya dahil gusto niyang malaman kung tama nga ba ang assessment niya sa kung anong hitsura ng may-ari ng tinig.

He tried but he felt radiating pain behind his eyes. Napayuko siya.

"Bonn, are you all right?" Agad nakasaklolo sa kanya ang tiyuhin.

"My eyes hurt."

Napilitan siyang bumalik sa kanyang silid.

Kailangan niyang ipahinga ang mga mata.

"Titatito—bakit, ano'ng nangyari?" tanong ni Mayette nang makita ang pagmamadaling makabalik ni Boon sa kuwarto nito na nasa gawing likuran lang ng lobby.

"Wala naman, sumakit lang ang mga mata niya."

Maghapong di lumabas ng silid si Bonn at nag-room service na lang para sa dinner.

---

Maagang gumising si Bonn nang umagang iyon. Mula sa kanyang kama, nagawa niyang lumakad patungo sa shower room. Matapos mag-shower ay nagbihis siya. He picked up his running shorts and put on his favorite singlet. Kumuha rin siya ng isang bottled mineral water mula sa ref. He took some deep breathing exercises before heading out the door. Susubukan niyang gawin ang regular morning run niya.

Lumabas siya ng silid at tinungo ang lobby. Derecho siya sa entrance, naglakad na para bang nakikita niya ang lahat ng nasa paligid niya. Sa pandinig niya at sa simoy ng hangin, tinunton niya ang palabas ng lobby.

Natuwa siya. Narating niya ang pathway ng hotel. Then, he realized which way should he head to? Left or right?

Nagdesisyon siyang kumanan. Nagsimula siyang tumakbo nang mabagal.

Ang hindi niya alam, kanina pa may nakasubaybay sa kanya. Nang tumakbo siya pakanan ay agad itong sumunod.

"Sir Bonn!" Narinig niya ang boses sa likuran niya. Binilisan nito ang takbo para siyang lampasan at saka patalikod na tumakbo para humarap sa kanya. "Sir Bonn, dito ang daan…" Sa aninag niya ay may iminuwestra ito. "Papuntang highway ito, kung saan dumaraan ang mga galing at patungong Maynila. Kung babalik ka at kakaliwa, iyon ang daan patungong aplaya. Sir Bonn, s'an n'yo ba gustong tumakbo?"

Huminto siya. Huminto rin ito. Humihingal. Naaninag niyang naka-running attire din ang babae.

"Sa aplaya na lang. Thanks!" sabi niya at saka umikot pabalik sa dinaanan.

Naramdaman niyang sumunod ito. "Hilig n'yo talagang tumakbo?"

He was right, she's the owner of that voice. The same girl who greeted him when he arrived at *Encabo Inn*.

"Yes." Ni hindi niya sinulyapan ang direksyon nito. Hindi niya alam kung bakit.

"Masarap pong tumakbo dito; malamig ang hangin at preskung-presko." Naramdaman niyang huminga ito nang malalim para patunayan ang sinasabi.

"Yes, I know!"

Wala siyang narinig na tugon. Naisip niya, nahalata ba nito ang pagkayamot niya? He felt guilty. He was afraid his remark had made her decide to turn away. "Ikaw, tumatakbo rin?" Gusto niyang muling marinig ang boses nito.

"Running ang P.E. ko and I took it twice kahit di credited sa course ko. Wala lang, gusto ko lang tumakbo."

Natawa siya sa sagot nito. Nawala rin ang pangamba na baka maitaboy ito. Medyo binagalan niya ang pagtakbo dahil hindi niya alam kung saan sila patungo. Pero himalang hindi siya natakot. Dahil ba kasabay niya ang nagmamay-ari ng tinig na ewan niya kung bakit agad tumimo sa memorya niya?

"You're studying in *UP*, right?" Nabanggit sa kanya ng tiyuhin na ang pamangkin ni Tita Corazon na nag-aaral sa nabanggit na unibersidad at siya umanong tutulong sa pag-aasikaso sa kanya sa kabuuan ng summer vacation nito.

"Yeah. Pangmasa ba ang dating ko?" natawang anito. "'Kaw, s'an ka graduate?"

"*Ateneo.*"

"Oh, hi, neighbor…"

Bigla niyang naramdaman ang pagtakbo nito nang mabilis, nilampasan siya at mabilis na hinarang ang katawan sa direksyong tinutumbok niya.

"Hold it…!" narinig niyang sabi nito saka sinipa nang malakas ang isang nakaharang na sangay ng puno sa daraanan niya. Dahil nabigla, nawalan si Bonn ng balanse.

"All clear!" narinig niyang sambit nito saka siya hinarap kaya nasubsob siya rito. Sa dibdib niya tumama ang mukha nito. Nayapos niya ito upang alalayan at hindi sila mabuwal. He felt a fragile and soft body. Naamoy niya ang presko nitong buhok na maiksing-maiksi.

"Oops, sorry…" Marahan siya nitong itinulak

palayo, tumalikod at saka tumakbo.

Nabastusan kaya ito sa kanya?

“Hey,” tawag niya.

Lumingon ito. “Yeah, Sir Bonn?” Nag-running in place lang ito habang nakaharap sa kanya. It was the perfect time to see her in full view. Pinilit niya itong maaninag.

He thought he saw a young woman with the freshest face he had ever seen. Sa nanlalabong paningin, naaninag niya ang walang makeup na mukha at natural na pagkapula ng mga labi nito. Her cheeks glowed as the sun touched her skin.

“Do you want to go back? Tumakbo ka lang pabalik… same way at makakauwi ka na!”

“What’s your name?”

“Mayette po. Ako po si Mayette!”

At tinalikuran siya nito para ituloy ang pagtakbo. Naglakad siya at nakabalik ng *Encabo Inn* nang nag-iisa. Naisip niya, so kilala na niya ang nagmamay-ari ng boses, at natawa siya. Kung ano ang nabuo niyang imahe para sa boses nito, iyon din ang nakita niya. At tama siya; bata pa nga ito.

# 3

Tahimik na nakaupo si Bonn sa sofa na nakaharap sa gawi ng bintana. Kanina pa hindi maalis sa isip niya ang babaeng nakadaupang-palad sa morning run niya. Nagtataka siya kung bakit pinag-aaksayahan niya ng panahon ang isang dalagang malayung-malayo sa karaniwang babaeng nali-link sa kanya. Napakabata pa nito at inosente. Ano ba ang nangyayari sa kanya? Desperado na ba siya at pati isang walang malay at may gatas pa sa labi ay pinagtatapunan niya ng panahon?

O dala lang iyon ng kanyang depression? Gusto lang niyang maalis ang isip sa pag-aalala sa kanyang kondisyon, kaya ba kung anu-ano na lang ang pumapasok sa isip niya?

No. Because of that girl, he was able to trust his other senses. Hindi siya nagkamali sa kanyang sapantaha. Malakas ang paniniwala niyang may magandang personalidad ang babae kahit boses lang ang pagbabasehan niya. Kahit malayo sa pamantayan niya pagdating sa babae, may kakaibang magneto ang personalidad nito. In fact, she was the first person who caught his attention when he arrived here.

Natawa si Bonn. He immediately brushed it off. Hindi siya makapaniwala na ang isang inosenteng babae ay pagpapantasyahan niya.

Nakaramdam siya ng gutom. Pinag-isipan niya kung lalabas pa ng silid o magpa-room service para sa kanyang breakfast. Pinili niya ang huli.

---

Pasalpak na naupo si Mayette at ininom ang natitira pang laman ng bottled water na baon niya sa pagtakbo. Nilingon siya ni Aling Dolor habang naglalagay ng pagkain sa isang tray. Mula sa pagtakbo, dumerecho siya sa kusina. Matagal siyang nanatili sa pagkakaupo at nakatingin lang sa malayo. Ilang beses siyang sinulyapan ng cook, pero hindi niya iyon napansin.

Hindi na ito nakatiis. "Sira ang tulog mo?"

Napalingon siya rito. "Po?" tanong niyang wala sa sarili.

"Tinatanong ko kung sira ang tulog mo kagabi. Nag-jogging ka na pala."

Iling at tango ang sagot niya.

"Heto, baka dito mabuhay ang dugo mo." Inilapag nito sa harapan niya ang tray na may dalawang

pirasong Lucban longganisa, fried rice, egg at isang umuusok na tasa ng kape. “Dalhin mo d’un sa room ni Sir Bonn. Room service ang breakfast na gusto.”

Napanganga siya. “Po?”

“Wala si Femmy; nagdala rin ng almusal kina Ma’am at Sir,” tukoy nito kina Corazon at Fidelis. “O, di ba’t gusto mong makita lagi ’yung special guest natin? Pagkakataon mo na ’yan. S’abi mo nga, para mabusisi mo nang husto.”

Tiningnan lang niya si Aling Dolor.

“Ano ba’ng nangyayari sa ’yo? Me lagnat ka ba?” Sinalat nito ang noo niya. “Mainit ka nga. Sige, dalhin mo na ’yan d’un sa room ni Sir Bonn, tiyak mawawala ang sinat mo.”

Habang bitbit ang tray, hindi niya alam kung susulong o uurong siya. Ayon kay Aling Dolor, may sinat siya at alam niya kung bakit bigla-bigla ay nagkasakit siya.

Nandoon lang siya, nakasubsob ang mukha sa dibdib ni Bonn at langhap na langhap ang amoy nito. May mga kaibigan siyang lalaki pero ngayon lang, in her entire life, na naamoy niya ang gayong amoy-lalaki. It was a pleasantly sweet, sweaty scent. Wala pa siyang naamoy na kagaya niyon. At bakit

ba may kung anong nahaplos ang amoy na iyon sa pagkababae niya?

She immediately dismissed the thoughts that crossed her mind. Ang alam niya, wala siyang karapatang isipin ang gayung bagay. She reminded herself. Inosente siya at di dapat pumapasok sa isip niya ang bagay na iyon.

“Ano ba, Mayette, baka mamatay ’yun sa gutom! Papangit ’yun, hala ka!” Napaigtad siya sa sinabi ng cook. Nagmadali siyang tumungo sa pagdadalhan ng tray.

Lumabas si Boon ng banyo half-naked with only a towel around his lower torso. Narinig niya ang yabag patungo sa pinto niya. His sense of hearing must be getting sharp. With quick steps, he opened the door. Without looking at the door, nag-utos siya. “Come in. Pakilagay na lang d’un sa table ko…”

Nauna siyang nagtungo sa dining table niya, pero natigilan siya nang hindi pumasok ang nasa pinto. “Ano ba?” Nilingon niya ito.

Nakatayo sa harap niya ang isang babae, hawak ang tray ng almusal niya. Naka-track pants ito, pero di ang pagtakbo ang alam niyang dahilan ng pamumutla’t pagpapawis nito. Parang pinako ito sa

kinatatayuan.

"Y-your breakfast…" sabi nito na muntik nang mapapiyok. Naalala niya kung sino ang kaharap. It was the young girl. Nag-utos siya.

"Get my robe, quick!" turo niya sa kinaroroonan ng roba niya.

Hawak sa isang kamay ang tray, kinuha iyon ni Mayette at inabot sa kanya. Tinanggap iyon ni Bonn at mabilis na isinuot.

"Wala ba kayong ibang staff dito?" pagalit nitong inagaw sa kamay niya ang tray. "Get out!" sigaw niya at itinuro ang bukas pang pinto.

Nagmamadaling sumunod si Mayette. Pawisan siya at ewan niya kung bakit naging iba ang kanyang pakiramdam. She swore it was the first time she felt that unfamiliar feeling.

Napilitan siyang umuwi at naligo para maalis ang kakaibang init na sumisingaw sa katawan niya.

Shocked siya. Pakiramdam ni Mayette, isang malaking kasalanan ang nagawa niya at kailangan niyang magsimba, magkumpisal at mangumonyon nang di oras.

Sa silid niya, galit na galit si Bonn. He hated himself for being careless. Alam niya, hindi niya iyon sinadya, pero sinisisi pa rin niya ang sarili. Baka na-corrupt na niya ang isipan ng dalaga nang makita ang halos hubad niyang katawan. Maging sa housekeeper niya sa condo, hindi siya naaabutan sa ganoong sitwasyon. He was always decent and careful.

"Shit!" bulalas niya. Hindi na tuloy siya nakakain at nawala lang ang init ng ulo nang dumating ang tiyuhin.

"Bonn, let's go out today. May lunch picnic na inihanda si Corazon at 'yung pamangkin niyang si Mayette para sa mga guests ng resort. She wants us to join them."

Bumalik sa utak niya ang naringgan sa lobby na usapan ng mga babae.

Pagkaalala sa dalagang may high-pitched na boses, agad siyang pumayag.